

MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA LIBRE AT BAWAS NA PRESYONG PAGKAIN SA PAARALAN

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Kailangan ng mga bata ng masusustansiyang pagkain para matuto. Ang **Shoreline School District** ay naghahandog ng masusustansiyang pagkain bawat araw sa paaralan. Gastos sa almusal K-5: \$1.90, 6-8: \$2.10, 9-12: \$2.30; gastos sa tanghalian K-5: \$3.40, 6-8: \$3.65, 9-12: \$3.85. **Maaaring kuwalipikado ang mga anak mo para sa mga libreng pagkain o bawas na presyong pagkain.** Ang bawas na presyo ay K-12: Free para sa almusal at K-3: Free, 4-12: \$0.40 para sa tanghalian. Ang paketeng ito ay may kasamang aplikasyon para sa libre o bawas na presyong pagkaing benepisyo, at isang pangkat ng mga detalyadong tagubilin. Nasa ibaba ang ilang karaniwang tanong at sagot para matulungan ka sa proseso ng aplikasyon.

1. SINO ANG MAKAKAKUHA NG LIBRE O BAWAS NA PRESYONG MGA PAGKAIN?

- Lahat ng mga bata sa mga sambahayang nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa **Pangunahing Pagkain, the Food Distribution Program on Indian Reservations (FDPIR)** o **State TANF**, ay nararapat sa mga libreng pagkain.
- Ang mga inaalagaang bata na nasa ilalim ng legal na responsibilidad ng foster care na ahensiya o korte ay nararapat sa mga libreng pagkain.
- Ang mga batang lumalahok sa Head Start na programa ng paaralan nila ay nararapat sa mga libreng pagkain.
- Ang mga batang nakatutugon sa kahulugan ng walang tirahan, naglayas o migrante ay nararapat sa mga libreng pagkain.
- Maaaring makatanggap ang mga bata ng libre o bawas na presyong mga pagkain kung ang kita ng sambahayan mo ay nasa loob ng limitasyon sa Mga Pederal na Gabay sa Pagiging Nararapat ng Kita. Maaaring kuwalipikado ang mga anak mo para sa libre o bawas na presyong pagkain kung ang kita ng inyong sambahayan ay nasa o mas mababa sa mga limitasyon sa tsart na ito.

| PEDERAL NA TSART SA PAGIGING NARARAPAT NG KITA Para sa Taon ng Pag-aaral _____ | | | | |
|--|----------|---------|-----------|--|
| Laki ng sambahayan | Taunan | Buwanan | Lingguhan | |
| 1 | \$23,606 | \$1,968 | \$454 | |
| 2 | \$31,894 | \$2,658 | \$614 | |
| 3 | \$40,182 | \$3,349 | \$773 | |
| 4 | \$48,470 | \$4,040 | \$933 | |
| 5 | \$56,758 | \$4,730 | \$1,092 | |
| 6 | \$65,046 | \$5,421 | \$1,251 | |
| 7 | \$73,334 | \$6,112 | \$1,411 | |
| 8 | \$81,622 | \$6,802 | \$1,570 | |
| Bawat karagdagang tao: | \$8,288 | \$691 | \$160 | |

2. **PAANO KO MALALAMAN KUNG ANG MGA ANAK KO AY KUWALIPIKADO BILANG WALANG TIRAHAN, MIGRANTE O NAGLAYAS?** Ang mga miyembro ba ng sambahayan mo ay kulang sa permanenteng address? Magkakasama ba kayo sa isang silungan, hotel, o ibang pansamantalang pag-aayos sa tirahan? Pana-panahon bang lumilipat ang pamilya niyo? May mga bata bang nakatira kasama mo na piniling iwanan ang dati nilang pamilya o sambahayan? Kung sa paniwala mo ay nakakatugon ang mga bata sa sambahayan mo sa mga pagsasalarawang ito at hindi ka nasabihan na ang mga anak mo ay makakatanggap ng mga libreng pagkain mangyaring tumawag o mag-e-mail sa **206-393-4209**.
3. **KAILANGAN KO BANG PUNAN ANG APLIKASYON PARA SA BAWAT BATA?** Hindi. *Gumamit ng isang Libre at Bawas na Presyong Pagkain sa Paaralan na Aplikasyon para sa lahat ng mga mag-aaral sa sambahayan niyo.* Hindi namin maaaprubahan ang aplikasyon na hindi kumpleto, kaya siguruhin na punan lahat ng inaatas na impormasyon. Isauli ang nakumpletong aplikasyon sa: **paaralan ng iyong mag-aaral o ang Opisina ng FNS noong 2003 NE 160th St. Shoreline, WA 98155 (M-F 1:30 - 3:30) o sa pamamagitan ng email sa nutrisyon.services@shorelineschools.org**
4. **DAPAT KO BANA PUNAN ANG APLIKASYON KUNG NAKATANGGAP AKO NG LIHAM SA TAON NG PAG-AARAL NA ITO NA NAGSASABING ANG MGA ANAK KO AY APRUBADO NA PARA SA MGA LIBRENG PAGKAIN?** Hindi, pero mangyaring maingat na basahin ang liham na natanggap mo at sundin ang mga tagubilin. Kung may sinumang mga bata sa sambahayan mo ang wala sa abiso mo sa pagiging nararapat, makipag-ugnayan agad kay **206-393-4209**.
5. **MAAARI BA AKONG MAG-APPLY ONLINE?** Oo! Hinihikayat kang kumumpleto ng online na aplikasyon sa halip na nasa papel na aplikasyon kung kaya mo. Ang online na aplikasyon ay may parehong pangangailangan at hihingan ka ng parehong impormasyon ng papel na aplikasyon. Bumisita sa **<https://www.shorelineschools.org/Page/1272>** para simulan

o UPANG matuto pa tungkol sa proseso ng online na aplikasyon. Makipag-ugnayan kay **206-393-4209** kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa online na aplikasyon.

6. **ANG APLIKASYON NG ANAK KO AY INAPRUBAHAB NOONG NAKARAANG TAON. KAILANGAN KO BANG PUNAN ANG BAGO?** Oo. Ang aplikasyon ng iyong anak ay para sa taong pang-paaralan lamang at sa mga unang araw ng taon ng paaralan. Dapat kang magpadala ng bagong aplikasyon maliban kung sinabi sa iyo ng paaralan na nararapat ang anak mo sa bagong taon ng pag-aaral. Kapag hindi ka nagpadala ng bagong aplikasyon na aprubado ng paaralan o hindi ka naabisuhan na nararapat ang anak mo para sa mga libreng pagkain, sisingilin ang anak mo ng buong presyo para sa mga pagkain.
7. **NAKAKAKUHA AKO NG WIC. MAKAKAKUHA BA ANG MGA ANAK KO NG LIBRENG PAGKAIN?** Ang mga bata sa mga sambahayang lumalahok sa WIC ay maaaring maging nararapat sa libre o mga pagkaing bawas ang presyo. Mangyaring magpadala ng aplikasyon.
8. **SUSURIIN BA ANG IMPORMASYONG BINIGAY KO?** Oo. Maaaring hingan ka rin namin ng nakasulat na katibayan ng kita sa sambahayan na iuulat mo.
9. **KUNG HINDI AKO KUWALIPIKADO NGAYON, MAAARI BA AKONG MAG-APPLY SA IBANG PANAHON?** Oo, maaari kang mag-apply anumang oras sa taon ng pag-aaral. Halimbawa, ang mga batang may magulang o tagapag-alaga na nawalan ng trabaho ay maaaring maging nararapat sa libre at bawas na presyong pagkain kung ang kita ng sambahayan ay bumaba sa limitasyon ng kita.
10. **PAANO KUNG HINDI AKO SANG-AYON SA PASYA NG PAARALAN TUNGKOL SA APLIKASYON KO?** Dapat kang makipag-usap sa mga opisyal ng paaralan. Maaari ka ring humingi ng pagdinig sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat kay: **Jessica Finger, 206-393-4209.**
11. **MAAARI BA AKONG MAG-APPLY KUNG SINUMAN SA SAMBAHAYAN KO AY HINDI MAMAMAYAN NG U.S.?** Oo. Ikaw, ang mga anak mo o mga ibang miyembro ng sambahayan ay hindi kailangang maging mga mamamayan ng U.S. para mag-apply para sa libre o bawas na presyong pagkain.
12. **PAANO KUNG ANG KITA KO AY HINDI LAGING PAREHO?** Ilista ang halaga na karaniwan mong natatanggap. Halimbawa, kung karaniwan kang kumikita ng \$1000 bawat buwan, ngunit may hindi ka napasukang trabaho noong nakaraang buwan at kumita ka lang ng \$900, isulat na kumita ka ng \$1000 bawat buwan. Kung karaniwan kang nakakatanggap ng overtime, isama ito, pero huwag ito isama kung minsan ka lang nagtatrabaho ng overtime. Kung nawalan ka ng trabaho o nabawasan ang oras o sahod mo, gamitin ang kasalukuyan mong kita.
13. **PAANO KUNG ANG ILANG MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN AY WALANG IUULAT NA KITA?** Ang mga miyembro ng sambahayan ay maaaring hindi makatanggap ng ilang uri ng kita, ipauulat namin sa iyo ang aplikasyon, o maaaring hindi talaga makatanggap ng kita. Kailanman ito mangyayari, mangyaring magsulat ng 0 sa field. Subalit, kung may anumang field ng kita ay naiwang walang laman o blangko, ang mga ito rin ay mabibilang bilang zero. Mangyaring mag-ingat kapag iniwang blangko ang mga field ng kita, ipalalagay namin na sinadya mo ito gawin.
14. **NASA MILITAR KAMI. IBA BA NAMING IUULAT ANG AMING KITA?** Ang inyong basic na sahod at mga cash na bonus ay dapat iulat bilang kita. Kung makakakuha ka ng anumang allowance ng cash na halaga para sa off-base na pabahay, pagkain, o damit, dapat itong isama bilang kita. Subalit, kung ang pabahay mo ay bahagi ng Military Housing Privatization Initiative, huwag isama ang allowance sa pabahay bilang kita. Ang anumang karagdagang combat pay na nagreresulta mula sa deployment ay hindi rin kasama mula sa kita.
15. **PAANO KUNG HINDI SAPAT ANG ESPASYO SA APLIKASYON PARA SA AKING PAMILYA?** Ilista ang sinumang karagdagang miyembro ng sambahayan sa hiwalay na piraso ng papel, at ilakip ito sa iyong aplikasyon. Makipag-ugnayan kay **206-393-4209** para makatanggap ng pangalawang aplikasyon.
16. **KAILANGAN NG AKING PAMILYA NG HIGIT PANG TULONG. MAY IBA PA BANG PROGRAMANG MAAARI TAYONG MAG-APPLY?** Para malaman kung paano mag-apply para sa **Pangunahing Pagkain** o ibang benepisyonang tulong, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng tulong o tumawag sa **1-877-501-2233**

Kung mayroon kang mga ibang tanong o kailangan ng tulong, tumawag sa **206-393-4209.**

Sumasainyo,

Jessica Finger, RDN, CD, SNS